



UK Health
Security
Agency



Isang gabay sa mga pagbabakuna

pagsapit ng isang taong gulang



Mula Setyembre 2024

immunisation

the safest way to protect your child

Programa ng pagbabakuna sa pagkabata

Tandaan na dalhin ang iyong Red book ng pagbabakuna sa bawat appointment.



Ang mga kopya ng mga booklet na ito ay makukuha mula sa iyong klinika o doctor's surgery. Tingnan din ang www.nhs.uk/vaccinations

Itinatampok ng polyetong ito ang iskedyul ng pagbabakuna mula Setyembre 2024

Buod

Aling mga pagbabakuna ang makukuha ng aking sanggol sa edad na isang taong gulang?

Ang iyong sanggol ay magkakaroon ng 4 na iniksyon sa kanilang isang taong pagbisita para sa pagbabakuna kabilang ang:

- kanilang **MenB** booster na bakuna
- **Hib/MenC** na pagbabakuna laban sa:
 - Hib (Haemophilus influenzae type b), at
 - meningococcal group C disease (MenC)
- **PCV13** booster na bakuna laban sa:
 - pneumococcal disease na dulot ng ilang uri ng pneumococcal na bacteria
- kanilang unang **MMR** na pagbabakuna laban sa:
 - tigdas
 - beke
 - rubella



Mga pagbabakuna sa isang taong gulang

Pagprotekta laban sa Hib, meningococcal group B at C disease, pneumococcal disease, tigas, beke at rubella

Ano ang Hib?

Ang Hib ay isang impeksyon na maaaring humantong sa ilang matitinding sakit tulad ng meningitis (pamamaga ng lining ng utak), septicemia (pagkalason ng dugo) at pulmonya, lalo na sa mga bata.

Ang bakuna laban sa Hib/MenC ay tinatawag na Menitorix, maaari mong tingnan ang Polyeto ng Impormasyon para sa Pasyente sa

www.medicines.org.uk/emc/product/167/pil

Ano ang meningococcal disease?

Ang meningococcal disease ay isang malubhang impeksyon na maaari ding magdulot ng meningitis at septicemia sa mga bata at kabataan.

Ang Group B na meningococcal bacteria (MenB) ay kasalukuyang responsable para sa karamihan ng mga kaso ng meningococcal disease sa UK, habang ang meningococcal group C (MenC) disease ay hindi karaniwan dahil karamihan sa mga bata at teenager ay regular na binabakunahan laban sa MenC.

Ang bakuna laban sa MenB ay tinatawag na Bexsero, maaari mong tingnan ang Polyeto ng Impormasyon para sa Pasyente sa

www.medicines.org.uk/emc/product/5168/pil.

Aling mga bakuna ang ibibigay?

Ang iyong anak ay babakunahan ng isang dosis ng pinagsamang bakuna laban sa Hib/MenC, pati na rin ng booster na dosis ng bakuna laban sa MenB. Ang mga bakunang ito ay ibibigay sa kalamnan ng hita o itaas na braso.

Bakit kailangan ng aking anak ng mga booster na bakuna?

Ang mga booster na bakuna ay ibinibigay upang madagdagan ang proteksyon na ibinibigay na ng mga naunang pagbabakuna sa iyong sanggol. Ang proteksyon na inaalok ng mga pagbabakuna sa sanggol ay maaaring mawala pagkalipas ng ilang panahon. Ang isang booster na dosis ay nagpapalawig ng panahon ng proteksyon hanggang sa kinalaunang yugto ng buhay.

Magkakaroon ba ng anumang side effect ang mga bakuna laban sa Hib/MenC at MenB?

Ang inyong anak ay maaaring magkaroon ng pamumula, pamamaga o pananakit sa braso kung saan sila ininiksyunan. Humigit-kumulang sa kalahati ng mga bata na nabakunahan nito ay maaaring maging magagalitin, at ang ilan ay magkakaroon ng banayad na lagnat. Makakakuha ka ng higit pang impormasyon tungkol dito mula sa iyong GP, practice nurse o bisitang pangkalusugan.



Ano ang pneumococcal disease?

Ang pneumococcal disease ay isa sa mga pinakakaraniwang sanhi ng bacterial meningitis sa mga bata ngunit nagdudulot din ito ng septicemia, pulmonya, impeksyon sa tainga (otitis media) at iba pang malubhang sakit. Mayroong higit sa 90 iba't ibang uri ng pneumococcal bacteria.

Aling bakuna ang ibibigay?

Ang bakunang ginagamit ay isang booster na dosis ng PCV13 (pneumococcal conjugate vaccine) na nagpoprotekta laban sa 13 iba't ibang uri ng pneumococcal na kadalasang nagdudulot ng pneumococcal disease sa mga bata. Ang bakunang ito ay ibibigay sa kalamnan ng hita o itaas na braso kasabay ng pagbisita para sa mga bakuna laban sa Hib/MenC at MenB.

Magkakaroon ba ng anumang side effect ang bakuna laban sa PCV?

Sa 10 sanggol na nabakunahan, 1 o 2 ay maaaring magkaroon ng pamamaga, pamumula o pananakit sa lugar ng iniksyon o magkaroon ng banayad na lagnat. Ang bakuna laban sa PCV ay tinatawag na Prevenar 13, maaari mong tingnan ang Polyeto ng Impormasyon para sa Pasyente sa

www.medicines.org.uk/emc/product/453/pil.

Ano ang tigdas?

Ang tigdas ay dulot ng labis na nakakahawang virus. Halos lahat ng nakakakuha nito ay magkakaroon ng mataas na lagnat, pantal at hindi maganda ang pakiramdam sa pangkalahatan. Kabilang sa mga komplikasyon ng tigdas ang mga impeksyon sa dibdib, kombulsyon, encephalitis (impeksyon sa utak), at pinsala sa utak. Sa napakalubhang mga kaso, ang tigdas ay maaaring makamatay.

Ano ang beke?

Ang beke ay sanhi ng isang virus na maaaring humantong sa lagnat, sakit ng ulo, at masakit at namamagang glandula sa mukha, leeg at panga. Maaari itong magresulta sa permanenteng pagkabingi, viral meningitis at encephalitis (pamamaga ng utak).

Ano ang rubella?

Ang Rubella (German measles) ay isang sakit na dulot ng isang virus. Sa mga bata, ito ay karaniwang banayad at maaaring hindi napapansin, ngunit ang rubella sa pagbubuntis ay napakalubha para sa mga hindi pa isinisilang na sanggol. Maaari nitong mapinsala ang kanilang paningin, pandinig, puso at utak. Ang kondisyong ito ay tinatawag na congenital rubella syndrome (CRS).

Ano ang bakuna laban sa MMR?

Naglalaman ito ng pinahinang bersyon ng mga live na tigdas, beke at rubella na virus. Dahil ang mga virus ay pinahina, ang mga taong nabakunahan ay hindi makakahawa sa ibang tao. Mayroon tayong 2 bakuna laban sa MMR sa UK. Parehong mahusay na gumagana; ang isa ay naglalaman ng porcine gelatine at ang isa ay wala. Kung gusto mong mabakunahan nang libre ang iyong anak ng may porcine gelatine, talakayin ito sa iyong practice nurse o GP.

Paano at kailan ibinibigay ang bakuna?

Ang bakuna ay itinuturok sa kalamnan ng hita o itaas na braso. Ito ay ibinibigay sa isang taong gulang pagkatapos mawala ang immunity na nakuha ng sanggol mula sa kanilang ina. Ang pangalawang dosis ng bakuna ay dapat ibigay muli bago magsimulang mag-aral ang iyong anak sa edad na 3 taon at 4 na buwan.



Gaano kaepektibo ang bakuna laban sa MMR?

Ang bakuna laban sa MMR ay may pananagutan sa halos pagpuksa sa 3 sakit na ito sa mga maliliit na bata sa UK mula noong ipinakilala ito noong 1988.

May mga side effect ba ang bakuna laban sa MMR?

Ang 3 magkakaibang virus sa bakuna ay kumikilos sa magkakaibang oras at maaaring magdulot ng mga sumusunod na side effect pagkatapos ng unang dosis:

- 6 hanggang 10 araw pagkatapos ng pagbabakuna, habang nagsisimula nang gumana ang bahagi na pang-tigdas sa bakuna, humigit-kumulang sa isa sa 10 bata ang maaaring magkaroon ng lagnat at ang ilan ay maaaring magkaroon ng banayad na pantal na parang tigdas at mawala ang kanilang gana sa pagkain.
- humigit-kumulang sa isa sa bawat 1,000 nabakunahang bata ang maaaring magkombulsyon na dulot ng lagnat. Ito ay tinatawag na 'febrile convulsion'. Gayunpaman, ang mga bata na hindi nabakunahan at nagkakasakit ng tigdas, ay 3 beses na mas malamang na magkaroon ng kombulsyon
- humigit-kumulang sa 3 linggo pagkatapos ng pagbabakuna laban sa MMR, habang ang bahagi na pang-beke ng bakuna ay nagsisimula nang gumana, ang ilang bata ay maaaring bihirang makakuha ng mga sintomas na tulad ng sa beke (lagnat at namamagang mga glandula)

Ang MMR ay ang pinakaligtas na paraan upang protektahan ang iyong anak laban sa tigdas, beke, at rubella

- napakabihirang mangyari na ang mga bata ay maaaring magkaroon ng mga maliliit na parang pasa sa loob ng 6 na linggo pagkatapos ng pagbabakuna. Ito ay kadalasang sanhi ng pang-tigdas o pang-rubella na bahagi ng bakuna. Kung makakita ka ng mga batik na tulad nito, dalhin ang iyong anak sa doktor upang masuri. Sasabihin sa iyo ng iyong doktor kung paano pamamahalaan ang pantal at kung paano protektahan ang iyong anak sa hinaharap
- wala pang isa sa isang milyong bata ang maaaring magkaroon ng encephalitis (pamamaga ng utak) pagkatapos ng bakuna laban sa MMR. Gayunpaman, kung ang isang bata ay nakakuha ng tigdas, ang posibilidad na magkaroon ng encephalitis ay nasa pagitan ng isa sa 200 at isa sa 5,000

Paano kung allergic ang aking sanggol sa itlog?

Ang bakuna laban sa MMR ay ligtas na maibibigay sa mga bata na nagkaroon ng matinding allergy (anaphylactic reaction) sa itlog. Kung mayroon kang anumang mga alalahanin, kausapin ang iyong bisitang pangkalusugan, practice nurse o doktor.

Naglalaman ba ng gelatine ang bakuna laban sa MMR?

Sa UK, mayroon tayong 2 bakuna laban sa MMR na gumagana nang mahusay. Ang isa sa kanila ay naglalaman ng porcine gelatine at ang isa ay wala. Kung mas gugustuhin mong mabigyan ng bakuna na walang porcine gelatine, kausapin ang iyong practice nurse o GP. Maaari mong tingnan ang Polyeto ng Impormasyon para sa Pasyente tungkol sa bakuna laban sa MMR sa:

Priorix:

www.medicines.org.uk/emc/product/1159/pil

MMRVAXPRO:

www.medicines.org.uk/emc/product/6307/pil

Mag-ingat sa meningitis at septicemia

Ang parehong meningitis at septicemia ay napakalubha. Mahalagang kilalanin mo ang mga palatandaan at sintomas at alamin kung ano ang gagawin kung makita mo ang mga ito.

Ang mga unang sintomas ng meningitis at septicemia ay maaaring katulad ng sipon o trangkaso (lagnat, pagsusuka, pagkamayamutin at pagkabalisa).

Gayunpaman, ang mga indibidwal na may meningitis o septicemia ay maaaring magkasakit nang malubha sa loob ng ilang oras, kaya mahalagang malaman ang mga palatandaan at sintomas ng mga kondisyong ito.



Ano ang meningitis?

Ang meningitis ay isang impeksyon sa lining ng utak. Ang meningitis ay maaaring sanhi ng ilang uri ng bacteria o virus.

Ang impeksyon sa meningococcal bacteria ay maaaring magdulot ng meningitis, septicemia (pagkalason ng dugo), pericarditis (pamamaga ng lining ng sac na naglalaman ng puso) at arthritis (pamamaga ng mga kasu-kasuan).

Sa mga sanggol, ang mga pangunahing sintomas ng meningitis ay maaaring kabilangan ng:

- isang mataas na tono at panguyngoy na pag-iyak
- iritable kapag binubuhat
- isang nakaumbok na fontanelle
- inaantok at hindi gaanong tumutugon – mahirap gisingin
- nanlambot at walang sigla
- naninigas na may biglaang paggalaw (kombulsyon/seizures)
- pagtangga sa mga pinapakain, pagsusuka
- balat na maputla, may batik-batik o nagiging asul
- lagnat

Ano ang septicemia?

Ang septicemia ay isang napakalubhang kondisyon kapag ang daloy ng dugo ay nagkaroon ng impeksyon. Maaaring mabilis na lumitaw ang mga senyales na malamig na mga kamay at paa, maputlang balat, nagsusuka at lubos na inaantok o mahirap gisingin. Kung pinaghihinalaan mo na may septicemia ang anak mo, humingi ng tulong kaagad.

Sa mga sanggol, ang mga pangunahing sintomas ng septicemia ay maaaring kabilangan ng:

- mabilis o hindi pangkaraniwang mga pattern ng paghinga
- balat na maputla, batik-batik o nagiging asul
- lagnat na may malamig na mga kamay at paa
- nanginginig
- nagsusuka at tumatanggi sa mga pinapakain
- pula o purple na mga batik na hindi nawawala kapag diniinan (gawin ang glass test na ipinaliwanag sa susunod na pahina)*
- pananakit o pagkamayamutin mula sa pananakit ng kalamnan o matinding pananakit ng paa o kasu-kasuan
- panlalambot
- matinding antok

Mahalagang tandaan na hindi lahat ay magkakaroon ng lahat ng nakalistang sintomas, at ang listahan ng mga sintomas na ito ay hindi kumpleto. Kung ang isang indibidwal ay nagkaroon ng ilan sa mga sintomas, lalo na ang pula o purple na mga batik, dagliang humingi ng medikal na tulong. Kung hindi mo makontak ang iyong doktor, o nag-aalala pa rin pagkatapos makakuha ng payo, magtiwala sa iyong kutob at dalhin ang iyong anak sa emergency department ng pinakamalapit na ospital sa inyo.

* Sa maitim na balat, suriin ang loob ng talukap ng mata o ngala-ngala kung saan maaaring mas nakikita ang mga batik

Ang 'glass test'

Idiin ang gilid ng isang malinaw na baso sa pantal upang makita mo kung ang pantal ay nawawala at nababawasan ang kulay kapag diniinan. Kung hindi ito nagbabago ng kulay, makipag-ugnayan kaagad sa iyong doktor.



Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Ang mga kawanggawa na ito ay nagbibigay ng impormasyon, payo at suporta:

Meningitis Research Foundation

Libreng helpline sa 080 8800 3344
(9am hanggang 10pm kapag weekday, 10am hanggang 8pm kapag weekend at mga bakasyon)
www.meningitis.org

Meningitis Now

24 na oras na helpline 0808 8010 388
www.meningitisnow.org

Maaari ka ring humingi ng payo sa iyong doktor, practice nurse o bisitang pangkalusugan, o tumawag sa **NHS** sa **111**.

Maaari ding mag-ulat ang mga magulang at tagapag-alaga ng mga pinaghihinalaang side effect ng mga bakuna at gamot sa pamamagitan ng Yellow Card Scheme.



SCAN ME

Magagawa ito online sa pamamagitan ng pagbisita sa **yellowcard.mhra.gov.uk** o pagtawag sa Yellow Card hotline sa **0800 731 6789**. Maaari din ninyong gamitin ang QR code o sa pamamagitan ng pag-download ng Yellow Card app.

Karaniwang programa ng pagbabakuna sa pagkabata mula Setyembre 2024

Edad kung kailan dapat	Mga sakit na nilalabanan	Ibinibigay na bakuna
Walong linggong gulang	Dipterya, tetano, tussipirina (ubong-dalahit), polio, <i>Haemophilus influenzae</i> type b (Hib) at hepatitis B	DTaP/IPV/Hib/HepB
	Meningococcal group B (MenB)	MenB
	Rotavirus gastroenteritis	Rotavirus ²
Labindalawang linggong gulang	Dipterya, tetano, tussipirina, polio, Hib at hepatitis B	DTaP/IPV/Hib/HepB
	Pneumococcal (13 serotype)	Pneumococcal conjugate vaccine (PCV)
	Rotavirus	Rotavirus ²
Labing-anim na linggong gulang	Dipterya, tetano, tussipirina, polio, Hib at hepatitis B	DTaP/IPV/Hib/HepB
	MenB	MenB
Isang taong gulang (sa o pagkatapos ng unang kaarawan ng bata)	Hib at MenC	Hib/MenC
	Pneumococcal	PCV booster
	Tigdas, beke at rubella (German measles)	MMR
	MenB	MenB na booster
Kwalipikadong mga pangkat ng edad ng bata ⁴	Influenza (bawat taon mula Setyembre)	Live attenuated influenza vaccine LAIV ^{3,6}
Tatlong taon apat na buwang gulang o sa lalong madaling panahon pagkalipas	Dipterya, tetano, tussipirina at polio	dTaP/IPV
	Tigdas, beke, at rubella	MMR (tingnan ang unang dosis na ibinigay)
Mga lalaki at babae na may edad labindalawa hanggang labintatlong taong gulang	Mga kanser at genital warts na dulot ng mga partikular na uri ng human papillomavirus (HPV).	HPV ⁵
Labing-apat na taong gulang (school Year 9)	Tetano, dipterya at polio	Td/IPV (tingnan ang status sa MMR)
	Meningococcal group A, C, W at Y	MenACWY

[1] Intramuscular injection sa deltoid muscle sa itaas na braso o anterolateral na bahagi ng hita. [2] Ang bakuna laban sa rotavirus ay dapat lamang ibigay pagkatapos suriin ang resulta ng pag-screen para sa SCID. [3] Naglalaman ng porcine gelatine. [4] Tingnan ang taunang sulat tungkol sa trangkaso sa: www.gov.uk/government/collections/annual-flu-programme. [5] Tingnan ang Green Book HPV Chapter 18a para sa mga detalye sa pagbabakuna ng mga immunocompromised na kabataan na mangangailangan ng 3 dosis. [6] Kung ang LAIV (live attenuated influenza vaccine) ay kontraindikado o kung hindi man ay hindi angkop, gumamit ng inactivated flu vaccine (tingnan ang Green Book Chapter 19 para sa mga detalye). [7] Tingnan ang Green Book Shingles Chapter 28a para sa mga detalye sa mga karapat-dapat na pangkat ng edad kabilang ang mga malubhang immunosuppressed na indibidwal mula sa edad na 50.

Mga karagdagang bakuna para sa mga indibidwal na may mga kondisyong medikal

Kondisyong medikal	Mga sakit na nilalabanan	Kinakailangang mga bakuna ¹
Asplenia o splenic dysfunction (kabilang ang dahil sa sickle cell at celiac disease)	Mga meningococcal group A, B, C, W at Y Pneumococcal Influenza	MenACWY MenB PCV13 (hanggang 10 taong gulang) ² PPV23 (mula 2 taong gulang) Taunang bakuna laban sa trangkaso
Mga cochlear implant	Pneumococcal	PCV13 (hanggang 10 taong gulang) ² PPV23 (mula 2 taong gulang)
Mga matagal nang kondisyon sa paghinga at puso (tulad ng matinding hika, chronic pulmonary disease, at pagpalya ng puso)	Pneumococcal Influenza	PCV13 (hanggang 10 taong gulang) ² PPV23 (mula 2 taong gulang) Taunang bakuna laban sa trangkaso
Mga pangmatagalang kondisyong neurological (tulad ng sakit na Parkinson's o motor neurone disease, o kapansanan sa pagkatuto)	Pneumococcal Influenza	PCV13 (hanggang 10 taong gulang) ² PPV23 (mula 2 taong gulang) Taunang bakuna laban sa trangkaso
Diabetes	Pneumococcal Influenza	PCV13 (hanggang 10 taong gulang) ² PPV23 (mula 2 taong gulang) Taunang bakuna laban sa trangkaso
Chronic kidney disease (CKD) (kabilang ang hemodialysis)	Pneumococcal (stage 4 at 5 CKD) Influenza (stage 3, 4 at 5 CKD) Hepatitis B (stage 4 at 5 CKD)	PCV13 (hanggang 10 taong gulang) ² PPV23 (mula 2 taong gulang) Taunang bakuna laban sa trangkaso Hepatitis B
Matagal nang mga kondisyon sa atay	Pneumococcal Influenza (Trangkaso) Hepatitis A Hepatitis B	PCV13 (hanggang 10 taong gulang) ² PPV23 (mula 2 taong gulang) Taunang bakuna laban sa trangkaso Hepatitis A Hepatitis B
Hemophilia	Hepatitis A Hepatitis B	Hepatitis A Hepatitis B
Immunosuppression dahil sa sakit o paggamot ⁴	Pneumococcal Bakuna laban sa shingles Influenza	PCV13 (hanggang 10 taong gulang) ^{2,3} PPV23 (mula 2 taong gulang) Shingrix – mahigit 50 taong gulang ⁵ Taunang bakuna laban sa trangkaso
Complement disorder (kabilang ang mga tumatanggap ng complement inhibitor therapy)	Mga meningococcal group A, B, C, W at Y Pneumococcal Influenza	MenACWY MenB PCV13 (hanggang 10 taong gulang) ² PPV23 (mula 2 taong gulang) Taunang bakuna laban sa trangkaso

[1] Tingnan ang nauugnay na kabanata ng Green Book para sa partikular na iskedyul: www.gov.uk/government/collections/immunisation-against-infectious-disease-the-green-book. [2] Kung edad na 2 taon hanggang wala pang 10 taong gulang at hindi nabakunahan o bahagyang nabakunahan laban sa impeksyong pneumococcal, magbigay ng isang dosis ng PCV13. [3] Para sa anumang edad sa mga malubhang immunosuppressed. [4] Isaalang-alang ang taunang pagbabakuna sa trangkaso para sa mga miyembro ng sambahayan at sa mga nangangalaga sa mga taong may ganitong kondisyon. [5] Tingnan ang Green Book Shingles Chapter 28a www.gov.uk/government/publications/shingles-herpes-zoster-the-green-book-chapter-28a.

Programa sa piling pagbabakuna sa pagkabata

Tinatarget na grupo	Edad at iskedyul	Sakit	Kinakailangang mga bakuna
Mga sanggol na ipinanganak ng mga inang may hepatitis B	Sa kapanganakan, apat na linggo at 12 buwang gulang ^{1,2}	Hepatitis B	Hepatitis B (Engerix B/ HBvaxPRO)
Mga sanggol sa mga lugar ng bansa na may mga kaso ng TB ≥ 40/100,000	Humigit-kumulang sa 28 araw ang edad ⁴	Tuberkulosis	BCG
Mga sanggol na may magulang o lolo't lola na ipinanganak sa isang bansa na may mataas na bilang ng insidente ³	Humigit-kumulang sa 28 araw ang edad ⁴	Tuberkulosis	BCG
Mga bata sa isang klinikal na nanganganib na grupo	Mula 6 na buwan hanggang 17 taong gulang	Influenza	LAIV o inactivated flu vaccine kung kontraindikado sa LAIV o wala pang 2 taong gulang
Mga buntis na babae	Sa anumang yugto ng pagbubuntis sa panahon ng trangkaso	Influenza	Inactivated flu vaccine
	Mula sa 16 na linggong pagbubuntis ⁵	Tuspirina	dTaP/IPV
	Mula sa 28 linggong pagbubuntis	RSV	Bakuna laban sa RSV

[1] Kumuha ng dugo para sa HBsAg sa 12 buwan upang mabukod ang impeksyon. [2] Bilang karagdagan, ang hexavalent na bakuna (Infanrix hexa o Vaxelis) ay ibinibigay sa 8, 12 at 16 na linggo. [3] Kung saan ang taunang kaso ng TB ay ≥ 40/100,000 – tingnan ang www.gov.uk/government/publications/tuberculosis-tb-by-country-rates-per-100000-people. [4] Tingnan ang resulta ng pag-screen para sa SCID bago magbigay ng BCG. [5] Mainam bago ang 32 linggong pagbubuntis ngunit maaari pa ring ibigay pagkatapos ng 32 linggo.



Produced by
UK Health Security Agency

© Crown copyright 2024
2024QG1TAG Tagalog 1p 500K AUG 2024
UK Health Security Agency gateway number: 2024518

Ang edisyong ito ay unang nailathala noong Disyembre 2019.
Kung kailangan mo ng higit pang mga kopya ng polyetong ito, mangyaring bisitahin ang, www.healthpublications.gov.uk upang makontak ang Health Publications orderline. Ph1: 0300 123 1002. Minicom: 0300 123 1003 (8am hanggang 6pm, Lunes hanggang Biyernes).

Mangyaring gamitin ang product code: 2024QG1TAG Tagalog

www.nhs.uk/vaccinations